

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[19 October 2020]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Do we have the reports now? Who is the first? Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President, and good evening Senator Bong and fellow Cabinet members.

Muli ako po'y mag-uulat ng mga datos patungkol po sa ating COVID-19 situation. At dito po sa first slide makikita natin ay may total cases po tayo 359,169. As of October 19, may nadagdag na humigit 2,000 kaso at sa 2,638 na naidagdag sa ating mga cases, 796 ay galing sa NCR. So more or less sa NCR ho, Mr. President, bumababa na po. At 581 naman mula sa Region IV-A, 299 sa Region III, 208 sa Region VI at 754 sa natitirang mga ibang rehiyon.

Dahil po dito tayo ngayon ay mayroong mahigit 42,000 active cases which accounts for 11.75 percent of our total cases. Sa kabilang dako naman, mayroon po tayong 316,978 or 88 percent cases with final outcomes or cases who have either recovered or died.

Ang ating recoveries ay umabot na sa 310,303 at ang ating recovery rate ay nasa 87 percent na po, Mr. President. Habang ang bilang ng mga namatay ay nasa 6,675. Ang atin pong case fatality rate ay nananatiling mababa at 1.9 percent.

Kung titingnan po natin doon sa deaths doon sa column, para sa mga Pilipinong ang edad less than one-year-old to 49 years old, ang CFR ay napakababa po, Mr. President, .47 percent lang po. Habang para sa mga Pilipinong ang edad 50 years to more than 80 years old, ang CFR ay 6.26 percent. Mataas po ito, Mr. President, at nangangahulugan na talaga ang

sakit na ito ay ang mga senior citizens o 'yung mga may edad na po na may mga kasamang ibang sakit ang talagang malubha ang kanilang COVID-19 infection na nauuwi sa pagpanaw nitong mga indibidwal na ito. So 6.26 percent sa mga 50 to 80 years old and only .47 for those aged less than one to 49 years of age.

Kung titingnan po natin dito sa slide na ito ang atin pong national epidemic curve patuloy pa rin po ang pagbaba ng ating mga kaso dahil po sa pagsasagawa ng ating Prevent-Detect-Isolate-Treat-and- Reintegrate strategies na nakapaloob po sa National Action Plan na inyo pong inaprubahan. Kasama na ang pag-observe at pagsasagawa ng publiko sa atin pong minimum public health standards. Dagdag pa rito, nananatiling stable po ang ating growth rate.

At ang huli na lang po, Mr. President, patuloy pa rin [*next slide, last slide*] ang pagbibigay ng immunization services for measles, polio, rubella at iba pa pong mga vaccine preventable diseases na mga bakuna. Sa atin pong mga healthcare workers, nakapag-allocate tayo ng 319 million budget para sa hiring ng additional vaccinators, mobilization of vaccinators, and the transportation and procurement of vaccines.

Tayo naman ay nakapag-procure at handa ng 11 million units ng measles, rubella, oral polio vaccines, and 5.7 million vaccination devices, 947 sets of personal equipment --- protective equipment --- at katuwang ng iba't ibang ahensiya tulad ng PCOO. Patuloy pa rin tayo sa ating information drive para sa October 26. Kami ay patuloy na hihingi ng tulong sa atin pong Presidente at sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal upang hikayatin ang lahat ng mga local chief executives na huwag bibitawan ang ibang mga immunization activities dahil napakamahalaga po ito para maproteksyunan ang atin pong mga kabataan mula sa mga vaccine preventable diseases.

So we call upon all of our partners and stakeholders in the implementation of our supplemental immunization activities for measles, rubella and polio. Iyon na lamang po daghang salamat, Mr. President. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Question una, ito namang ano, Secretary, ditong Red Cross huwag kang mag-alala mabayaran 'to. We are just looking for a way to present the solution to sa COA pati sa Budget.

Do not worry. We will pay. It will take time but we will pay. We'll look for the money. Hindi naman marami but ang priorities natin dito is really medical --- medical at treatment, medical attention. Iyon ang ano natin. So alam ko na itong bayad na ito. Mabayaran ito in a short while. Do not worry. Who is the next to report?

**PRESIDENTIAL ADVISER ON PEACE PROCESS AND NTF COVID
19 CHIEF IMPLEMENTER CARLITO**

GALVEZ JR.: Sir, kung makikita po natin sa ano sa graph po dito, 'yung nakikita nating pula iyan po 'yung umaangat ang kaso.

And then 'yung bumababa, iyan po ang green sa ano po natin. Kung makikita po natin sa bandang north po sir tumataas 'yung ano, tumataas ang kaso. Actually tumawag po sa akin si Governor Albano na ginawa niyang ECQ ang Ilagan City.

And then also iyang area ng Baguio noong last ano last two weeks ay talagang tumaas din po. Pero makikita po natin 'yung green portion po malalaki po ang increment ng kanyang --- ng kanyang ano kanyang pagbaba. Umaabot po ng 7,000 ang pagbaba niya.

And ito naman po nakikita natin po generally sa Mindanao po talaga tumataas. Sa Palawan, nag-usap na po kami --- nag-uusap po kami ni Governor Alvarez, manageable naman po 'yung iba.

Kung titingnan po natin 'yung nakikita natin sa baba na sa bandang Mindanao southern part ay talagang medyo tumataas po. Iyong nakikita po natin na naka-red, may mga red na mga pangalan at saka mga nakapula, ito po 'yung matataas, matataas po 'yung ating mga cases.

Nakita po natin marami pong mga umaangat pa po na mga area. Tumawag po sa amin si Senator Migz Zubiri para tulungan po 'yung area po ng Bukidnon at bukas po si Secretary Lorenzana at saka po si Secretary Vince at ang ating si Mayor Magalong ay pupunta po doon sa Bukidnon para tulungan po si Governor Zubiri.

And then sa Pangasinan po pupunta po kami sina Secretary Duque, and then also sa La Union, and then si Secretary Roque po sa Cebu, sa Laguna po si Sec. Dizon, then Tawi-Tawi po pupunta rin po kami kasi po mayroon pong outbreak na nangyayari din po sa Sabah na kailangan po natin talagang proteksyunan po ang Tawi-Tawi. And then pupunta rin po tayo sa Nueva Ecija and then also Leyte at saka Negros Occidental.

Ito po ginagawa po natin 'yung CODE Team po natin ay pumupunta po sa mga areas dahil po sa utos niyo po na 'yung mga kailangan po talaga na mga areas matulungan po natin, kasama po ng pag-uutos ng ating mahal na

Senator Bong Go, na talagang tulungan po natin itong mga areas na ito dahil kasi ito po humihingi po talaga ng tulong sa atin.

Ang maganda po --- ang maganda po sa ating mga LGUs po ngayon ay talagang pagka kailangan nila ng tulong ay talaga pong tumatawag po sila. Hindi po katulad noong dati na talagang minsan tinatago po nila 'yung kanilang numero pero ngayon po nakikita po natin... We would like to thank ang mga LGUs. They are working hard para at least ma-manage po ang ating --- ang ating ano po ang ating tinatawag nating 'yung mga kaso.

So, Mr. President, Mr. Mayor, iyon lang po ang report ko po na ang atin pong mga local government units sa pamumuno po ni Secretary Año ay matagumpay po 'yung iba na talagang nababawasan po natin katulad po ng NCR, Region IV-A, and then Region III ay talagang bumababa na rin po. Marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. I am happy to note that there is an improvement in all aspects of the fight against COVID. So meaning to say that we are working, we are succeeding, and everything is -- - everybody is putting his effort, sweat dito sa trabaho. I'd like to thank you. You are one of iyon pong overworked Cabinet members.

Next is Secretary Año, then si Secretary Roque.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Yes, sir. Magandang --- magandang gabi po, Mr. President. Dugtong ko lang po 'yung report ni Secretary Galvez.

Iyon pong ating mga LGUs ay talagang suportado po sa pagbubukas natin ng ekonomiya unti-unti. Kagabi nagkaroon po kami ng pulong sa mga mayors ng NCR at iyon pong panawagan natin na i-adjust 'yung curfew ay nag-adjust na po sila.

Dati po ay 10 p.m. to 5 a.m., ngayon po ay magiging 12 to 4 a.m. na lang po, 12 midnight to 4 a.m., except po 'yung Navotas kasi 'yung Navotas nag-request po na mag-retain muna dahil gusto niyang masigurado po muna 'yung kanyang COVID cases doon at para tuloy-tuloy na lalo pang gumanda 'yung sitwasyon doon.

Tapos 'yung panawagan natin na puwede nang lumabas 'yung 15 years old to 65 years old. Sa iba pong mga lugar na mga MGCQ or low risk ay ipinapatupad na po ito pero sa Metro Manila po magsimula muna sila sa 18 years old hanggang 65 years old habang sila ay nasa GCQ.

At ang kanila pong pinakanapagkasunduan, manatili lang muna sila sa GCQ pero unti-unti po nilang bubuksan 'yung kanilang pagluluwag para makasuporta sa ekonomiya.

Pati iyong pagsisimba nagkasundo rin sila na payagan ang 30 percent na makapagsimba dahil sa nalalapit na rin na Pasko pero bawal po ang Christmas party. Hindi po talaga papayagan 'yung Christmas party habang ganito pa 'yung ating sitwasyon.

Nais ko rin pong i-report na noong October 15, kami po ni Senator Bong Go ay nangasiwa po sa distribution ng mga bago nating mga fire trucks. Seventy-two units po ng fire trucks ay ipinamigay natin sa iba't ibang LGUs all over the country at limang aerial ladder trucks.

Ito pong makabagong gamit natin na --- ang aerial ladder trucks na puwede po hanggang 18-storey building ay kaya niyang puksain ang apoy. Hindi na kailangan papasok sa loob ng building.

Lima po ito: ang isa ibinigay natin sa Davao City; ang isa ay sa Cebu City; isa sa Marikina; isa sa Quezon City; at isa po sa Sta. Rosa, Laguna para mayroon tayong siguradong aerial ladder trucks sa mga tinatawag nating locators sa --- sa economic processing zone.

At mayroon din pong tatlong rescue truck na ipinamigay natin. Ang isa pong pinag-iisipan namin ni Senator Bong Go ay kung papaano po ma-improve 'yung ating ambulance system. Dapat sa --- sa pandemya po ay napakaimportante nito para siguradong mabilis na madala 'yung ating mga kababayang may sakit sa ospital.

So magsasagawa na lang po kami ng aming position paper para kung papaano pa ma-equip 'yung ating Bureau of Fire Protection ng karagdagang ambulances. Iyon lang po. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: So if there's no other report, I'd like to just report to the nation.

Sa mga kababayan ko, kami dito sa limited restricted meetings sa Cabinet, would like to wish all of you good health at sana, hindi man masyadong maligaya, kung 'di maligaya lang.

Magre-report lang po ako sa mga iilang bagay. Iyong Red Cross kasi hindi nabayaran doon sa testing sa COVID. So ang problema nito Red Cross is

threatening to, I do not know, but I do not think Senator Gordon would have in his mind to stop. They have --- they would continue.

But what I'm really trying to say is we will pay. Sabihin ko kay Senator Gordon, because he heads the Red Cross, na babayaran ko 'to. Money has always been a problem everywhere, lalo na mga gobyerno.

So dumaan tayo nang malaking gastos at we are trying to make both ends meet. Ika nga kung parang lastiko talagang ini --- binabanat natin nang husto kung --- 'yung resources natin.

Dito sa Marawi may nag-complain. You know, Marawi is not that easy. We started it and we are at it already because 'yung --- the clearing of explosives ang matagal. Then we have to contend with titles. Iyong mga titles ninyo diyan doble-doble. So there's no one --- there's no title that is really very clean. As a matter of fact, the land itself belongs to the military, the whole of it, diyan banda. Ang tawag diyan Camp --- Keithley, oo, Camp Keithley. Maliit pa kami nagpunta kami --- bata pa kami, Camp Keithley.

So wine-waive na ng gobyerno niyan. There is the individual titles na nag-o-overlap and so many things that to solve locally and the problem is about Marawi community itself, hindi sa gobyerno.

Ngayon ang sa gobyerno sabi ninyo ang pera, ang pera nandiyan. Na sabi magastos na spending ganun, tagbi-billions. The money is there. Do not worry. And we will continue to spend until such time that Marawi is rebuilt to its former glory. It might take --- you know, it's not easy to do that but it might take some time before we can really reach the ideal place that you'd call home.

In the meantime, itong mga tao na nagrereklamo na ang sabi there is no liberation of Marawi yet. Look, government liberated Marawi not from the people of Marawi. We do not do that and we never did it. We liberated Marawi against the terrorist, Maute pati 'yung ISIS.

Iyon ang nangyari diyan. There's no such thing... You're --- you are using the word "liberation". We never said that it is occupied by anybody, except by the government and the peace-loving Filipinos. Of course, it is not freed by the activities of the terrorist. But if you --- if you're talking about liberation tapos na 'yan at the expense of blood of both sides.

Pero sa akin mas masakit kasi I'm the Commander-in-Chief, marami akong sundalong namatay. We are doing our best. We did not ask for this fight. We

had to destroy because it was the only way to put down the enemy. They were also taking cover in buildings kaya ganoon ang nangyari.

Dito sa --- I'd like to report to you that according to the DBB --- DDB, DDB, Dangerous Drugs Board, there are about 167 million or two out of 100 people, Filipinos aged 10 to 69 are current users of drugs.

In the past, 'yung panahon nila Dela Rosa, umabot 'yan ng almost 4 million. And how much has been reduced in the use of shabu? I really do not know until now. But we are still in the thick of the fight against shabu.

Ito lang ang masabi ko, nagwa-warning talaga ako sa inyo, lalo na 'yung mga dealer. Huwag na 'yung user na mahirap. Hindi 'yan pinapatay. Wala kang makuha. Naghihintay lang 'yan kung mayroong supply o wala.

But in the meantime, they are indolent. They do not want to work, laggards, because their minds are destroyed by drugs. Kaya ako, I grieve for the Filipinos na tinamaan ng droga. Talagang masakit sa akin because a waste of life.

In the end, it will destroy the nation. If this is allowed to go on and on, and if no decisive action is taken against them, it will endanger the security of the state. Iyong ano sa corruption, lahat ng bidding must be published.

I would like to remind everybody, every department of this, governments will pay. Magbayad ang gobyerno, mag-publish tayo ng mga --- lalo na the big tickets, 'yung mga bilyon-bilyon na mga proyekto, i-publish natin magkano o ilang bilyon ba 'yan o milyon, then pagkatapos ang mga bidders.

So by the --- by just looking at the bidders, makita mo may mga hao-shiao. You participate in the bidding without really participating but they just put their name there and go down, ibagsak 'yung presyo. So 'yung nagbagsak ng presyo, siya ang manalo. Iyon.

So ang --- the 100 million, sabi niya, "Gawain ko lang ito at the expense of about 80, 70." Magbibigay pa siya sa mga opisyal na mga kurakot. Kaya ganyan ang nangyari. So by just looking at the bidders, I should know that they are legitimate, iyong ano talaga at ma-check ko kung ano ang mga takbo ng kanilang trabaho.

Again, before I forget, itong mga sa droga, balikan ko lang. I forgot this important advice that parents should have also --- a shared responsibility.

Dapat kayo rin ang masisi nito kung ang inyong anak pupunta na doon sa tawag ni --- 'yung kanta ni Freddie Aguilar: "Anak".

Iyon 'yan eh. Pinabayaan ninyo. Check on your children always. Supervise, check. Kasi diyan ninyo mapaalagaan ang kapakanan ng anak ninyo. And kung mayroon kayong... Ang akin is corruption and drugs. Kung mayroon kayong nalaman na ano, you use 8888. Dalawa --- apat na eight.

Sabihin mo ang pangalan. Sabihin mo ang pangalan ng engineer. Karamihan diyan sa DPWH mga project engineers. Diyan ang --- sa baba ang tala... Si Villar, mayaman. Secretary Villar, maraming pera 'yan. Hindi niya kailangan mangurakot. Ang problema sa baba, malakas pa rin hanggang ngayon.

Iyang sa mga project sa baba, iyon ang laro diyan. So we might maybe place another structure there --- structure to improve the integrity of the projects. Puwede ninyong ma-report maski ano basta corruption and walang patawad.

I do not forgive cases sa mga corruption. Wala talaga. Walang areglo, wala lahat. No quarters given, no quarters asked. Kagaya rin sa droga, walang pabor-pabor dito. No question that I am really mad. Galit ako sa droga.

Kaya kung mamatay ka, kasi galit ako sa droga. Iyon ang sinasabi ko. Kung iyon ang sinasabi ko, dalhin ninyo ako sa korte para ikulong. Fine, wala akong problema. If I serve my country by going to jail, gladly.

Pero ayusin lang ninyo ang kaso ninyo because the love of country or the highest interest of the country, the health and the welfare of the people are really the paramount concern. Hindi 'yan --- hindi 'yung masabi mong hindi.

Kaya kung may patayan diyan, sabi ko ako ang... Hold me --- you can hold me responsible for anything, any death that has occurred in the execution of the drug war. Pero huwag ninyo akong bintangang diyan sa patayan na hindi mo alam kung sino ang pumatay.

Karamihan alam mo, ang pulis 'pag nakapatay, nag-report 'yan. Diyan kunin ninyo ang report. Pag-aralan ninyo bago ninyo --- bago kayo magdaldal o bago kayo magdemanda.

Pero 'yung random killings diyan, hindi ko alam kung rivals sila, o utang, o tinakbo ba 'yung pera ng --- hindi nag-remit sa pera ng droga, or it could be hatred and something else. It could be a fight over a woman.

So payag ako. Just charge with the correct indictment. Huwag 'yung basta-basta lang kayo mag --- magsabi na punta kayo ng --- 'yung crime against humanity. Kailan pa naging humanity itong p***** i***** mga drug na ito? L*****.

Iyan ang sinisira na ano --- humanity. And what are they doing? Aren't they killing humanity also? At 1.6 destroyed --- one million point six destroyed lives, anong... Who's going to answer for it? Kayo?

Do you have a program? Do you have money to contribute to the rehabilitation of these poor people? Wala kayong... Tapos kung may mamatay na pulis, wala kayong sabihin. Ang I have lost so many policemen in connection with the implementation of the law against drugs.

When you save your country from the perdition of the people like the NPAs and drugs, you are doing a sacred duty.

Maraming salamat po.

--- END ---